

Pintig at Panganib

WILFREDO PASCUAL

1. Kagabi lang sinusukat ko

Kagabi lang sinususukat ko kung gaano kalayo
ang silya sa harap ko na walang nakaupo.
Sa wari ko'y isang dipa lamang subalit
di masupil ang kundiman, di maawat
ang pelikula na tumakbong paatras,
at balikan ang kumakaway na kulay.

Kagabi lang binuksan ko ang huling bote ng serbesa.
Pinakinggan sa umaapaw na bula
ang mga napagod na kuwentuhan na wawalis
sa kasulok-sulukan ng pangungulila, aagiw
sa hindi ko siguradong ngayon.

Bigla'y apatnapung araw na naman tayo sa disyerto
nagdedeliryo sa pangitain ng mga ama natin
na tuliro kung kailan at paano yayakapin
ang mga anak nilang inari ng buhangin
dahil panganay rin tayo ng lahat ng nakakapuwing.

Kinopya na naman ng Batang Xerox
ang mga ala-ala natin. Pupunitin na naman niya ito
nang pagkaliit-liit. Mangangako na naman siya
na ihahagis ito sa mga bagong kasal, sa binyag
sa lumilibot na perya ng kinalimutang bayan.

Sabihin mo sa akin,
magtitiwala pa ba ako sa Batang Xerox
kahit alam kong may paslit na namang mawawala
at may maiiwan na naman sa altar na mag-isa?
Katulad ng dati, ihahagis na naman niya

ang mga xinerox at pinunit na ikaw at ako,
mga banderitas ng pinunit na langit
hinagis niya tayong hindi magwakas
na maliliit na papel, ngunit hindi
sa binyag, sa kasal o sa pista

kundi sa silya sa harap ko
na nag-aapoy dahil di masukat ang iyong layo
nagliliyab ngunit ayaw maging abo
nagbabaga dahil walang nakaupo.

(Bangkok, Thailand)

2. Gaano mo ako kamahal

Mga pagdigang binulol ng dayuhang dila
matatatas ko pa kaya? Mananahimik na ba
ang mga libong sininta bago ka nakilala,
silang mga banyagang kinuwintas
sa noo'y lumalawak ngayo'y kumikitid kong mapa?

Noon, hindi pa nahihimlay
ang isang damdamin ay hayun at kumukuwit
na namang magtapat sa iba. May kumibot lang
nagtutumulin nang ialay ang aking pitaka
sisidlan, hindi ng mamahaling bato, kundi
ng bubog na nakabaon sa putok kong nguso.

Tiklis ng sanga, siit at tinik
ngayo'y iyong sunong na pasakit, ikaw
na ngayo'y kabiyak. Ikaw
na nagtataka kung bakit ba ako ganito?
Bakit ako paulit-ulit na nagtatanong
kung mahal mo ba ako?
Gaano mo nga ba ako kamahal?

Ngayon ako na ang pinapayungan ng unawa
sinasagip sa delubyong pagdududa.
Ikaw na nga ba ang higpit
sa bungkos ng baklad kong inuunos?

Bakit ikaw pa, na hindi moog
sa unang tingin at sakitin?
Bakit ikaw pa, na naging hantungan
ng mga nakaraan kong hatol at parusa,
ang matimyas na nagpapasalamat?

Ang tugon mo'y nahihiyang ngiting-iling
na hindi ko kasi nakikita
ang nababanaag mo sa akin.
Ito'y payak na paliwanag at hindi na,
pakiusap mo, kailangang awitin.

Giit mo'y ikaw ang mapalad
na kita'y sinukuan at naging hantungan
lahat ng aking tinawid
na kalsada't himpapawid,
sampu ng sipon at pawis.

Bago ako tuluyang maumid,
hinimok mo akong pagmasdan
ang mga paniki, silang umiiwas
sa liwanag ng buwan, ngunit alam
ang patutunguhan.

(San Francisco, United States)

3. Zanzibar

Ang dagat na kinagisnan
ng kanilang mga ninuno ay puno
ng pag-asa, hinagpis, alamat, at tuwa.
Poot. Nang araw na iyon, tanghali na
silang gumising at lumaot.

Inay, bulong ng ikalawa mula sa panganay,
nagpapaalam na po ang dagat.

Tumango lang ang ina.
Alam niyang hindi sila handa.
Ni hindi sapat ang mga palatandaan,
ang mga alay sa poon.
Maging ang tatlong isda sa bulsa ni bunso,
ang mga ginupit na kuko ng yumaong ama,
ang hapdi ng paghihintay sa isang nangako at
nalunod sa tanghaling tapat—
lahat ng ito ay kulang pa na pangtubos.

Inay, sigaw naman ng bunso na pupungas-pungas pa
at palaging nahuhuli, may napulot po akong kuwento!
Walang katapusan pero pwede na!

Hindi narinig ng panganay ang magandang balita.
Noong isang linggo nagising si Juvenarius
sa isang mundong unti-unting tumatahimik.
Labinlimang taon siyang biningi ng kakisigan,
ng pawis sa talampakan.

Samantala.

Naiinip na si Jennifer. Limang araw pa silang maglalakad,
matutulong sa tubig bago marating ang dalampasigan
ng bagong tipan kung saan isang mainit na almusal
ang naghihintay. Kape, pandesal, at itlog
na pinapula at pinaalat sa hiya ng kamusmusan.

Inay, sigaw ulit ng bunsong nakapulot ng kwento
at may tatlong isda sa bulsa.
Maganda po ang umpisa nito! Kapanapanabik!
Makulay daw po ang paglisan ng dagat!
Mula sa kaluluwa ng mga nalunod ay hahalik
sa dalampasigan ang milya-milyang paglutang
ng mga bulaklak, isang dagat ng bugambilya, ilang-ilang,
sampagita at gumamela.

Ngunit hindi na siya naririnig ng ina.
Iisa lang ang paulit-ulit na sinasambit ng ale: Mahal na mahal ko
ang sarili ko: ang aking kabuuan, ang natuyong dugo
at gatas, sampu ng aking mga putol na daliri, tangkay
ng mga talulot na nakalutang. Limutin ninyo.
Ako ang unang dagat na kinagisnan at nilisan.

(Tanzania, Southern Africa)

4. Recto

Wala ng mas hihiwaga pa sa lugar na ito
mas didilim, mas sisikip, mas nakakagutom
mas nakakabusog. Matagal na panahon
maraming tanghaling tapat din akong naging anino
sa kalyang ito. Maraming baha ang linusong
hanggang hindi ko na alam kung sino sa kanila,
sino sa amin ang multo. Maraming itinuro sa akin
ang lugar na ito: sa mga gahiblang pag-asa pala
mararamdaman kung paanong maging buhay na buhay
sa mundo. Marami akong aral na napulot:
tungkol sa dangal at kabutihan
at kung paano itong umuusbong sa gitna ng poot
at pagngatngat sa mga tirang buto ng lipunan.
Malaki ang utang ng loob ko sa lugar na ito.
Dahil dito mas malalim ang aking ngiti,
mas matagal akong umiyak, mas nagliliyab pag nagalit.
Lahat kaming mga probinsyanong nangarap
lumuwas sa Maynila—binago kami ng lugar na ito.

(Maynila)